

Pag-uugali ng estudyante

Papel ng katotohanan para sa magulang/tagapag-alaga

Pag-uugali

Gusto naming matiyak na magkaroon ng ligtas at masayang paaralan ang iyong anak. Ang pagsusuporta sa pag-uugali ng estudyante ay mahalaga sa pagpapaunlad, pakikisali at pag-aangat sa pagganap at kapakanan ng estudyante. Layunin ng mga paaralan na magbigay ng mga mapagtanggap na mga kapaligiran ng pag-aaral na nagtutulungan, nagsusuportahan at nagkakaisa. Ang [Karta ng Komunidad at sa Paaralan](#) ay nagbabalangkas nito para sa mga magulang, tagapag-alaga, nagtuturo at kawani ng paaralan.

Diskarte sa Pag-uugali ng Estudyante

Ang ating Diskarte sa Pag-uugali ng Estudyante ([Student Behaviour Strategy](#)) ay makakatulong sa pagbuo ng isang mapagtanggap na sistema ng edukasyon kung saan bawat estudyante ay kilala, mahalaga at inaalagaan, at lahat ng mga estudyante ay makapag-aral sa lubos nilang kakayahan. Alam natin na ang mga estudyante na nakakaramdam ng pagkasuporta at kaligtasan ay magiging mas nawiwili sa paaralan at nagiging aktibo sa kanilang pag-aaral.

Ang mga positibo at magalang na kapaligiran sa pag-aaral ay nagsusulong ng kapakanan, pakikisali at magandang resulta sa akademiko. Ang Diskarte ay nagsusuporta sa isang pamamaraan na tungo sa isang mapang-iwas sa problema, positibo, nakatuon sa estudyante at sa paaralan-pamilya-komunidad na ang susi ay ang hindi pagbago-bago. Ang mga pangangailangan ng lahat ng mga estudyante ay masasagot sa a mamagitanng ng isang Patuloy na Pangangalaga ([Care Continuum](#)).

Koda sa Pag-uugali ng mga Estudyante

Ang Koda sa Pag-uugali ng mga Estudyante ([Behaviour Code for Students](#)) ay nagbabalangkas sa pag-uugali na inaasahan sa lahat ng pampublikong paaralan sa NSW. Ang paaralan ng iyong anak ay magbubuo rin ng mga inaasahang pag-uugali sa kanilang mga paaralan. Ang mga kawani ng paaralan ng iyong anak ay magtuturo at magtutukoy sa mga inaasahang pag-uugali.

Mga nakakabahalang pag-uugali

Ang mga bata at kabataan ay nagpapakita ng maproblemanag pag-uugali kung minsan bilang normal na bahagi ng paglaki. Maaaring ang iyong anak ay nahawaan sa mga pag-uugali ng iba o siya ang nanghawa sa iba. Mga karagdagang impormasyon [kung ano ang gagawin kung ang iyong anak ay nagsabi tungkol sa mga maproblemanag pag-uugali sa paaralan](#) ay mababasa sa website.

Karagdagang impormasyon

Kung gusto mo ng karagdagang kaalaman tungkol sa [pagsuporta sa pag-uugali](#) o may anumang mga pag-aalala tungkol sa pag-uugali ng iyong anak, mangyaring kontakin ang paaralan.

Ang serbisyo ng interpreter sa telepono

Kung gusto mong tawagan ang paaralan at kailangan mo ng tulong sa pag-Ingles, mangyaring tumawag sa serbisyo ng interpreter sa telepono sa 131 450. Sabihin sa kanila kung anong wika ang kailangan mo at makiusap sa opereytor na tawagan ang paaralan. Kukuha ang opereytor ng isang interpreter sa telepono upang tumulong sa iyong pakikipag-usap. Hindi ka pagbabayaran sa serbisyonag ito.